

35 Forestry



Ano ang forestry?

Nakikita natin ang iba't ibang gamit ng kahoy sa ating pang araw-araw na buhay, katulad ng mga kasangkapang kahoy, gusaling gawa sa kahoy, raw materials sa paggawa ng papel at mga uling at panggatong sa apoy. Ang pag-aalaga ng mga puno na maaring pakinabangan at gawing kahoy ang pangunahing trabaho ng mangangahoy o forestry. Isa rin sa mga trabaho nito ang pamamahala at pangangalaga sa gubat, para maiwasan ang pagkakaroon ng landslide at baha.

Sa pagtatrabaho sa forestry, kailangan makapasok ng trabaho sa mga cooperative at mga pribadong kompanya ng forestry.

Depende sa araw araw na klima kung maaaring magtrabaho ang mga mangangahoy, mula 20 -24 na araw ang pasok sa trabaho. Arawan ang karaniwang sistema sa ganitong trabaho, at ang suweldo ay mula 10,000 – 15 ,000 yen kada araw. (Ang average na suweldo sa isang taon ay 3,300,000 yen)

Gustong kong pumasok sa forestry!

Hindi kailangan ang anumang lisensya para makapasok sa trabahong forestry.

Kung nais magtrabaho sa mga kooperatiba at pribadong forestry company, kumpirmahin at magtanong sa employment office ng hello work kung may impormasyon tungkol dito.

Sa mga ahensya ng pamahalaan tulad Forest Labor Security Center (sa Mie, Mie Prefecture Agriculture, Forestry and Fisheries Support Center), may mga nagbibigay ng konsultasyon tungkol sa pagtatrabaho bilang mangangahoy kayat alamin ang impormasyon tungkol dito.

Sa mga ahensya ding ito ay nagbibigay silang ng mga lecture tungkol sa pangangahaoy at kung dadalo sa mga ganitong pagpupulong maaring maging daan para makapagtrabaho sa mga gubat bilang mangangahoy.

